



Mga Bagong Numero Para Sa Mga Biktima Ng Karahasan Sa Tahanan

Ano ang nasa loob

Paano mag-apply para sa isang bagong numero	1
Baguhin ang inyong pangalan sa inyong card	3
Pagkakaloob ng katibayan na kailangan ninyo	3
Paghahadlang ng access sa inyong rekord	3

Sinuman ay maaaring maging isang biktima ng karahasan sa tirahan. Kung kayo ay naging isang biktima ng karahasan mula sa kapamilya, harassment, pang-aabuso, o mga pangyayari na nailagay sa panganib ang buhay, maaaring makatulong sa inyo ang Social Security.

Ipinagdidinang ng mga kampanya para sa pampublikong kaalaman kung gaano kahalaga para sa mga biktima na makabuo ng mga planong pangkaligtasan na kabilang ang paglilikom ng mga personal na dokumento at pagpili ng ligtas na lugar na mapupuntahan. Minsan, ang pinakamainam na paraan na maiwasan ang isang taong nang-aabuso at mabawasan ang panganib ng dagdag pang karahasan ay ang paglilipat ng tirahan at pagtatatag ng isang bagong pagkatao. Kasunod ng mga pagbabagong ito, ang pagkuha ng bagong numero ng Social Security ay maaaring makatulong rin.

Kahit na ang Social Security ay hindi regular na nagtatalaga ng mga bagong numero, gagawin namin ito kapag may katibayan na kayo ay naharass o inaabuso, o nasa panganib ang inyong buhay.

Ang pag-a-apply para sa isang bagong numero ay isang malaking desisyon. Ang kakayahan ninyong makipag-ugnayan sa mga ahensyang pederal at pang-estado, mga employer, at iba pa ay maaaring maapektuhan; ang inyong pinansiyal, medikal, pantrabaho, at iba pang mga rekord na mailalagay sa inyong dating numero sa Social Security at pangalan (kung baguhin ninyo ang inyong pangalan). Kung inaasahan ninyong mabago ang inyong pangalan, mangyari lang gawin ito bago mag-apply para sa isang bagong numero.

Paano mag-apply para sa isang bagong numero

Kailangan ninyong mag-apply nang personal sa alinmang tanggapan ng Social Security. Tutulungan namin kayong kumpletuhin ang

